August 2, 2023

ANTI RED TAPE OFFICE

Dear Sir;

Mapagpalang araw po!

Ako po si Fredderick V. Urbano, dating OFW at Private Tree Plantation Owner sa ngayon, taga Brgy. Tayamaan, Mamburao, Occidental Mindoro ay lumalapit po sa inyong butihing tanggapan, upang ireklamo ang sobrang pagmamalabis at pang aabuso sa kanyang katungkulan, si DENR Cenro Anastacio A. Santos, ng DENR Cenro Sablayan, Occidental Mindoro.

Maraming beses na po akong nakaranas ng sobrang panggigipit, pagpapahirap at pamemersonal ng opisyal na ito sa aking mga transaksyon sa kanyang opisina. Marahil, dahilan sa hindi ko naibigay ang hinihingi sa aking malalapad at mahahabang tabla ng Gmelina ng kanyang tauhan na gagamitin daw sa sofa at lamesa ni Cenro Anastacio A. Santos.

Sa akin pong sobrang pagkadismaya dahil sa kabagalan at napakatagal na pag aksyon, nakapagtxt po ako kay Cenro Anastacio A. Santos na pakitanggal na ang nakapaskil sa pintuan ng kanilang opisina na "Mamamayan muna, hindi mamaya na". Pagkatapos po noon ay tinawagan nya ako sa cellphone ko at pinagmumura. Nagawa ko pong irecord ang nasabing pagmumura sa akin, subalit ako pa ang tinatakot na kakasuhan ng wire tapping.

March 21, 2023 po ako nagrequest, July 11, 2023 ang date sa papel na approvan, pero July 31, 2023 pa sa akin ibinigay at pinareceived. Ang masakit po nito kulang ang species na nakalagay sa approved na papel. Isa lamang po ito sa maraming request ko na napakatagal na, subalit hanggang ngayon ay walang aksyon sa kanyang opisina,

Ang mga ganitong uri ng kawani ay hindi karapat dapat sa ating Gobyerno.

Naka pag file na din po ako ng Administrative Case, Subalit hanggang ngayon ay wala pa ring resulta.

Umaasa po ako na inyong matutulungan. Maraming salamat po at mabuhay po kayo.

Gumagalang,

Fredderick V. Urbano
Cellphone no. 0905 555 5681
Email add: furbano55@yahoo.com